



EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
EMBAJADA DE LA REPUBLICA DE FILIPINAS
MADRID

PUBLIC ADVISORY # 12 12 April 2020

MAHALAGANG IMPORMASYON PARA SA ATING MGA KABABAYAN SA ESPAÑA AT ANDORRA TUNGKOL SA TULONG PINANSYAL PARA SA MGA OFWS NA NAWALAN NG TRABAHO DAHIL SA COVID-19

Noong ika-25 ng Marso 2020, nag-announce ang Department of Labor and Employment (DOLE) na magbibigay ng ONE-TIME FINANCIAL ASSISTANCE ang Philippine government ng USD\$ 200.00, or ang equivalent nito sa Euros para sa mga qualified na overseas Filipino Workers (OFWs) na nawalan ng trabaho dahil sa COVID-19 pandemic.

Nais ipaalam ng Embahada ng Pilipinas sa Madrid na kasalukuyang inaantay ng Philippine Overseas Labor Offices (POLO) ang pag-isyu ng **detailed implementing guidelines** para maisagawa ang financial assistance program ng DOLE. Nais naming ipaalam sa lahat na hindi pa dumadating ang pondo para sa financial assistance program.

Sa kasalukuyan, mayroon nang general guidelines na ginawa ang DOLE ngunit dahil sa limitado ang mapagkukunan ng pondo ang gobyerno, nais bigyan-diin ng Embahada na hindi lahat ng mga Pilipino sa Espana at Andorra ang mabibigyan ng financial assistance. Ang mga beneficiaries ng financial assistance ay para lamang sa mga OFWs na makakapagpakita ng katumayan na sila ay nawalan ng permanente o pansamantalang trabaho, sweldo at sahod (permanent or temporary loss of work, salary or wages) dahil sa COVID-19 pandemic at hindi sila nakatanggap o makakatanggap ng kahit na anong financial support or assistance sa kanilang employer o sa gobyerno ng España at Andorra.

Maglalabas muli ng public advisory ang Embahada na nakalista ang mga required documents para masabi na ang isang OFW ay qualified beneficiary. Magbibigay din ng karagdagang impormasyon ang Embahada ng mekanismo ng pagpapatupad ng nakasaad na guidelines na galling sa DOLE.

Nais din natin ipaalam na ang Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) ay magbibigay ng ONE-TIME financial grant na USD\$ 200.00 para sa after-care needs at medical requirements ng mga **active** at **inactive** members na nagreport na sila ay infected ng COVID-19. Ang mga concerned OWWA members ay inaabiso na sulatan ang POLO-Madrid sa owwamadrid@gmail.com para masagawa ang profiling/recording ng kanilang kaso at pagsunod sa iba pang mga requirements. Kung ang isang active OWWA member ay namatay dahil sa COVID-19, ang kanyang beneficiary ay maaring mag-apply ng death benefit sa ilalim ng regular na programa ng OWWA sa OWWA Regional Welfare Office sa Pilipinas na pinakamalapit sa residence nila.

